

## Mga Kapakinabangan

### WARM-UP

- Naranasan mo na bang maligaw? Ano ang nangyari? Paano mo natagpuan ang tamang daan?
- May pagkakataon ba na mali ang dinig o pagkakaintindi mo sa isang ipinapagawa sa iyo? Paano mo nalaman kung ano ang dapat mong gawin?
- Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan naisip mo na ang isang bagay ay napakaganda at napakabuti na hindi kapanipaniwala na posible ito sa totoong buhay? Ano ang bagay na ito at ano ang ginagawa mo?

### WORD

*<sup>7</sup>Ang kautusan ng Panginoon ay walang kamalian. Ito'y nagbibigay sa atin ng bagong kalakasan. Ang mga turo ng Panginoon ay mapagkakatiwalaan, at nagbibigay karunungan sa mga walang kaalaman. <sup>8</sup>Ang mga tuntunin ng Panginoon ay tama at sa puso'y nagbibigay kagalakan. Ang mga utos ng Panginoon ay malinaw at nagbibigay liwanag sa kaisipan. SALMO 19:7,8*

(Basahin din ang **SALMO 19**.)

Ang Salmo 19 ay isang awit ni Haring David na nagbubunyi at nagbibigay parangal sa Diyos at sa Kanyang walang kapintasang kautusan. Tinutukoy ni David ang isang kautusan na walang kamalian na ipinakita sa kadakilaan ng kalangitan at ng disenyo sa pagkalikha nito (Salmo 19:1). Ang kautusan ng Diyos ay maganda at dakila. Itinuring ni David na ang kagandahang ito ay nakapagbibigay ng panibagong kalakasan. Sa araling ito, titignan natin ang ilan sa maraming pakinabang ng Salita: nagbibigay karunungan, nagbibigay kagalakan, at nagbibigay liwanag, upang magawa nating mamuhay ayon sa Kanyang kagustuhan.

## 1 Ang Salita ng Diyos ay nagbibigay karunungan.

... <sup>7</sup>Ang mga turo ng Panginoon ay mapagkakatiwalaan, at nagbibigay karunungan... **SALMO 19:7**

Ang isang *patotoo* na mapagkakatiwalaan ay may katiyakan at maaasahan. Ang Salita ng Diyos ay may katiyakan at mapagkakatiwalaan. Habang inaaral at isinasapamuhay natin ito, natututunan natin na wala itong kamalian. Nagbibigay ang Salita ng Diyos ng kaayusan mula sa mga tala sa kalangitan hanggang sa mga sitwasyon ng ating buhay. Paano ka nabigyan ng karunungan ng Salita ng Diyos? Magbahagi ng isang halimbawa na nangyari kamakailan lamang.

.....

.....

.....

## 2 Ang Salita ng Diyos ay nagbibigay kagalakan.

*Ang Salita ng Diyos ay nagbibigay kagalakan.* . . **SALMO 19:8**

Isinalarawan ni Haring David ang Salita ng Diyos bilang matuwid, makatarungan, at nagbibigay kagalakan sa puso. Kung ang kautusan ay matuwid, pinangangalagaan nito ang sinumang nagpapasailalim dito at binibigyan sila ng kaligtasan at kasiguruhan. Dahil sa kautusan ng Panginoon, malinaw nating nauunawaan at nasusunod ang kagustuhan ng Diyos, na may katiyakan na ito ay tama at may kaugnayan sa ating mga sitwasyon. Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan nagtiwala ka na ang Salita ng Diyos ay angkop sa iyong sitwasyon, kahit pa hindi ito halata. Ano ang nangyari?

.....

.....

.....

### 3 Ang Salita ng Diyos ay nagbibigay liwanag.

... Ang mga utos ng Panginoon ay malinaw at nagbibigay liwanag sa kaisipan. **SALMO 19:8**

Ang Salita ng Diyos ay tunay. Ito ay nangangahulugan na wala itong anumang dumi – walang kailangang idagdag o tanggalin. Sa pagbabasa natin ng Salita ng Diyos, pagbulay-bulay at pagsasapamuhay nito, nakikilala at naiintindihan natin ang kalooban ng Diyos para sa atin. Habang nakikita at naiintindihan natin ang Kanyang kalooban, nagkakaroon tayo ng kalinawan at direksyon, at nasusunod at naisasapamuhay natin ang Kanyang Salita. Ibahagi ang iyong pangakong magbasa ng Salita at kung paano mo ito isasabuhay. Ikwento rin kung paano ka nabigyan ng kaliwanagan at pang-unawa nito araw-araw.

---

---

---

#### APPLICATION

- Gaano katindi ang pangangailangan mo sa Salita ng Diyos araw-araw? Ngayong linggo, paano mo mapag-iisipan ang pangangailangan mo sa Salita ng Diyos at ang kagandahan nito? Magbulay-bulay sa Salmo 119 at ipanalangin na lumalim ang pagmamahal mo sa Salita araw-araw.
- Ano ang ipinapanalangin mong makuha sa pagbabasa mo ng Salita ngayong linggo? Kailangan mo ba ang Salita upang mabuhayan ang iyong diwa? Kailangan mo ba ng kaliwanagan at direksyon? Ano ang gagawin mo upang unahin ang Salita ngayong linggo, at maniwala na ipahahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa iyo?
- Kanino mo maibabahagi ang karunungan, kagalakan, at pang-unawa na natutunan mo sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsasapamuhay ng Salita ng Diyos ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita, na bumubuhay sa iyong diwa at nagbibigay ng karunungan at kaligayahan. Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malalim na pagmamahal sa Salita.
- Hingin sa Diyos ang mas malalim na pang-unawa sa Kanyang Salita at sa kahalagahan nito sa lahat ng sitwasyon at pagkakataon, gaano man ito kaliit o kahirap.
- Ipanalangin na sa pagbabasa mo ng Salita ng Diyos ay mas maunawaan at masunod mo ang Kanyang kagustuhan. Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon na maibahagi sa iba ang tungkol sa Kanya at ang ginawa Niya para sa iyo.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---



**VICTORY**

© 2018 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph